Sensational!

Heart of the Rideau Canal

Nakagugulat na **Smiths Falls**

Maligayang Pagdating sa Smiths Falls

Kung iyong pipiliin ang Lungsod ng Smiths Falls para sa iyong negosyo o tirahan, ikaw ay pumipiling tumira sa isang may lubos na serbisyo, mahusay para sa negosyo at magandang nakalagay na komunidad. Ang mga benepisyong may lubos na serbisyong komunidad ay napakarami.

www.smithsfalls.ca

Lokasyon

Kami ay sentral na matatagpuan sa Silangang Ontario. Ang komunidad ay matatagpuan sa pagitan ng Kingston at Ottawa na may malapit na distansyang pagbabiyahe patungo sa gilid/baybay ng Amerika.

Mga Daan: Mayroong iba't-ibang mga highway na nagbibigay ng mabilis na daan patungo sa Ottawa at Kingston. Ang Highway 15 at County Road 29 at 43 ay nagpapahintulot ng mabilis na daanan patungo sa malayong mga komunidad at sa mga ilang 400 na seryeng highway.

Riles ng Tren: Matatagpuan sa Canadian Pacific Railway na linya, ang mga serbisyo para sa Lulanan para sa CP at CN Rail ay maaaring magamit. Ang Via Rail ay mayroon ding isang istasyon na nagbibigay ng madaling mapupuntahan para sa negosyong pagbabiyahe.

Tubig: Matatagpuan sa loob ng 35 minuto sa Ilog ng St. Lawrence ito rin ay nagbibigay ng madaling daanan patungo sa mga pagtawid sa gilid/baybay at sa mga pasilidad ng Pagpupugal.

HIMPAPAWID: Matatagpuan sa labas lamang ng lungsod ay ang Russ Beach Smiths Falls Montague Airport. Ang paliparang ito ay maaaring makapaglaman ng maliliit na pampersonal na sasakyang panghimpapawid at katamtamang-laking pangkomersyal na sasakyang panghimpapawid. Para sa mas malalaking sasakyang panghimpapawid at pagpapadala ng mga kargada, ang Ottawa International Airport ay matatagpuan 67 km lamang mula sa Smiths Falls na may oras-oras na makukuhang paglipad sa eroplano patungo sa karamihang mga sentro.

Kalidad ng Buhay

Pinagsasama ng Smiths Falls ang mga benepisyo ng isang magiliw, makasaysayang komunidad na may nagniningning na mga katangian ng isang Lungsod na lumalaki. Ang Smiths Falls ay nagbibigay ng mga pangunahing pangangailangan para sa negosyo at pati na rin sa mga pamilya upang lumaki at umunlad.

Edukasyon

Ang Smiths Falls ay may masaganang mapagkukunan ng mga pasilidad na pang-edukasyong makalulugod sa lahat ng mga grupo ng edad. Ang komunidad ay naghahandog ng mga pasilidad para sa pangangalaga ng bata at mga pribadong paaralan pati na rin ng mga pangsekundaryo at post-sekundaryong mga institusyon. May sari-saring mga serbisyo na nagbibigay ng pagsasanay para sa karera at mga workshop na pasadya upang masalubong ang partikular na mga kahilingan. Ang Smiths Falls ay malapit rin sa malalaking mga Kampus ng Unibersidad at Kolehiyo sa Ottawa at Kingston.

Istruktura at mga Serbisyong Pangmunisipal



Sensational!

SMITHS FALLS

Heart of the Rideau Canal

Ang Lungsod ng Smiths Falls ay pinamamahalaan ng isang Alkalde at Anim na mga Konsehal. Ang Smiths Falls ay mayroong mahusay na sinanay na departamento ng bumbero at pulis na may makabagong mga kagamitan kung sakaling magkaroon ng emerhensya. Ang aming Komunidad ay pinagsisilbihan ng Ontario Hydro. Ang Natural Gas ay parating nakahandang gamitin para sa sinumang mangangailangan nito. Ang Lungsod ng Smiths Falls ay nalulugod na magkaroon ng bagong kinumpuning ospital na may isang Cat Scan na Yunit at sari-saring mga serbisyo para sa pangangalagang pangkalusugan kasama na ang Sentro ng Access (Access Centre) at ang Yunit ng Pangmadlang Kalusugan (Public Health Unit). Ang pabahay ay abot-kaya at maraming mga uri ng bahay na makukuha upang masalubong ang interes ng bawat tao. Ang aming komunidad ay mayroong serbisyo para sa napakabilis na internet pati na rin ang makabagong mga fibre optics.

Pang-ekonomikong Pag-unlad

Kami ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa maraming mga isyu, magmula sa mga demograpiko at mga istatistiko hanggang sa makukuhang lupa at mga propyedad sa komunidad. Ang aming propesyunal na patnubay ay naglalarawan ng mga programang pang-insentibo para sa negosyo na inihahandog ng mga pamahalaang pederal, probinsyal at munisipal. Mangyaring bisitahin lamang kami sa: **www.advantagesmithsfalls.ca para sa karagdagang impormasyon**

Ang Bayan ng Smiths Falls ay isa ring ideyal na lugar para tirahan, pagtrabahuhan at pag-aralan para sa mga bagong-dating. Ang www.immigratetosmithsfalls.ca ay isang nakabukas na bintana kung saan matatagpuan mo ang lahat ng mga mapagkukunan ng impormasyon at mga highlight ng lokal na komunidad.

Kultural at Libangan

Ang Smiths Falls ay isang nagsasalita ng Ingles na komunidad na malugod na tumatanggap ng mga tao mula sa lahat ng mga kultura. Kasama sa mga grupong imigrante ang Intsek, Timog Asyano, Filipino, Latinong Amerikano, Koreano, Hapon, Greko, Italyano at Ruso.
Mayroong sari-saring mga dagat-dagatan at mga daluyan ng tubig sa lugar na naghahandog ng panlabas na mga aktibidad. Ang iba't-ibang klase ng mga programang pansining at pangkultura at pampalakasan at panlibangan ay naroroon sa buong taon, pati na rin mga service clubs at iba pang mga organisasyong pangkomunidad.

Turismo

Matatagpuan sa Puso ng Rideau Canal, makakakita kayo ng isang natatanging pagsasama ng mga aktibidad para sa malayang oras at panlibangan na nasasandal sa kasaysayan at kalikasan. Kaya halina at punuin ang inyong mga pakiramdam ng tanaw, tunog, amoy, lasa at haplos ng aming magiliw na komunidad.

Mayroon rin kaming lahat ng bagay para sa lahat ng tao, maging ito man ay para sa isang nakarerelaks na paglalayag pababa sa Rideau o isang makalumang-modang piknik sa parke.

Para sa mga mahihilig sa kasaysayan, alamin kung paano nakahugis ang aming estratehikong lokasyon sa pamana ng Lungsod na ito. Bisitahin ang tahanan ng isang tagagiling noong araw. Pag-aralan kung paano ginawa ang Kanal ng Rideau, ang papel na ginampanan ng mga gilingan ng butil, at sa bandang huli, ang sistema ng tren na nagdala ng kasaganaan sa aming mga ninuno.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa :
Lungsod ng Smiths Falls
Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya
economicdevelopment@smithfalls.ca
1.888.983.4124
www.advantagesmithsfalls.ca